TRUTH BE TOLD



# Ang Talinghaga ng Madayang Katiwala

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang gusto mong gawin sa tuwing may libre kang oras?
- Pangalanan ang isang kakayahan o talento na natural lang para sa iyo? Paano mo ito ginagamit upang makatulong sa iba?
- Ikuwento ang isang karanasan kung saan tinulungan ka ng isang tao noong ikaw ay nangangailangan? Paano ka niya tinulungan?

**WORD**

*[8] "Nang malaman ng amo ang ginawa ng madayang katiwala, pinuri niya ang kanyang katiwala dahil kumilos ito ng may karunungan. Sapagkat mas marunong ang mga taong makamundo kaysa sa mga taong naliwanagan na tungkol sa Diyos. [9] Kaya sinasabi ko sa inyo, gamitin ninyo sa pakikipagkaibigan ang kayamanan ninyo sa mundong ito para kapag naubos ito ay may tatanggap naman sa inyo sa tahanang walang hanggan."* **LUCAS 16:8,9**

(Basahin din ang **LUCAS 16:1-7; 10-13**.)

---

Sa talinghaga ng madayang katiwala, ibinahagi ni Jesus kung paano nakuha ng isang katiwala na kakatanggal pa lamang sa trabaho ang pagpapala ng kanyang amo sa pamamagitan ng matalinong paggamit ng mga ibinigay sa kanya. Sa kuwentong ito, matututunan natin ang mga mahahalagang prinsipyo na makatutulong sa pagdadala ng mga tao sa kaalaman ng ebanghelyo. Matututunan natin sa araling ito ang tatlong bagay na makatutulong sa atin sa pagpapalaganap ng kaharian ng Diyos.

## 1 Posisyon

*Nagkwento pa si Jesus sa mga tagasunod niya: "May isang mayaman na may katiwala . . ."* **LUCAS 16:1**

Ginamit ng madayang katiwala ang kanyang posisyon upang makuha ang pabor mula sa kanyang pinaglilingkuran, at nagtagumpay siya sa kanyang gawain (Lucas 16:5-7). Sa parehong paraan, maaari nating magamit ang ating kasalukuyang posisyon, bilang mga estudyante, manggagawa, o maybahay, upang maging pagpapala sa ibang tao at mapalaganap ang kaharian ng Diyos. Sino ang ating Panginoon at ano ang gusto Niyang gawin natin sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng kakayahan? (Mga Taga-Filipos 2:13)

## 2 Oras

*[3]"Naisip ng katiwala, 'Ano kaya ang gagawin ko? Aalisin na ako bilang katiwala. Hindi ko kakayanin ang mabibigat na trabaho tulad ng paghuhukay, at nahihiya naman akong mamalimos. [4]Alam ko na! Gagawa ako ng paraan para tanggapin ako ng mga tao sa tahanan nila kapag inalis na ako sa trabaho ko.'"* **LUCAS 16:3,4**

Sa halip na magtiwala sa kanyang kakayahan at panghinaan ng loob dahil sa kanyang kawalan ng trabaho, ginamit ng madayang katiwala ang kanyang oras sa pamamagitan ng paggawa ng anumang kaya niyang gawin, at agad na kinausap ang mga may utang sa kanyang amo. Binigyan tayo ng Diyos ng dalawampu't-apat na oras upang tapusin ang ating mga gawain, at magagamit natin ito ng lubos upang palaganapin ang kaharian ng Diyos. Dapat din nating tandaan na ang lahat ng ginagawa natin upang maipangaral ang Salita ng Diyos ay may epekto sa kawalang-hanggan. Paano tayo hinihikayat ng Salita ng Diyos na mamuhay nang may karunungan (Salmo 90:12)? Ano ang bunga nito?

..................................................

..................................................

## 3 Mga Relasyon

*[8]"Nang malaman ng amo ang ginawa ng madayang katiwala, pinuri nya ang kanyang katiwala dahil kumilos ito nang may karunungan. Sapagkat mas marunong ang mga taong makamundo kaysa sa mga taong naliwanagan na tungkol sa Diyos. [9]Kaya sinasabi ko sa inyo, gamitin ninyo sa pakikipagkaibigan ang kayamanan ninyo sa mundong ito para kapag naubos ito, ay may tatanggap naman sa inyo sa tahangang walang hanggan."*
**LUCAS 16:8,9**

Ginamit ng katiwala ang relasyong nabuo niya sa mga may utang sa kanyang amo. Dahil dito, naibalik sa kanya ang kanyang trabaho. Gaya ni Jesus na kaibigan ng mga makasalanan, maaari din tayong magtaguyod ng mga pangunahing relasyon na maaari nating mabahaginan ng ebanghelyo (Mateo 11:19). Paano mo narinig ang ebanghelyo? Paano bumuo ng relasyon ang taong ito sa iyo?

..................................................

..................................................

## APPLICATION

- Paano magagamit ng Diyos ang kasalukuyan mong kalagayan sa buhay upang maisulong ang Kanyang kaharian? Paano mo magagamit ang iyong posisyon upang maipangaral ang ebanghelyo ngayong linggo sa mga taong nakapalibot sa iyo?
- Tayo ay hinihimok ng Mga Taga-Colosas 4:5 na samantalahin ang lahat ng pagkakataon na ibinigay sa atin ng Diyos. Paano mo ito maisasapamuhay ngayong linggo?
- Pangalanan ang isang tao na maari mong bahaginan ng ebanghelyo ngayong linggo? Paano mo magagawang maki-ugnay sa kanya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa paglagay sa iyo kung nasaan ka man ngayon. Ipanalangin na magkaroon ka ng pagkakataon sa iyong tahanan, lugar ng pinagtatrabahuhan, o paaralan.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng karunungan na magawang samantalahin ang lahat ng pagkakataon na ibinigay sa iyo ng Diyos?
- Ipanalangin ang iyong mga pamilya, kaibigan, kapamilya, kamag-aral, at kapit-bahay na hindi pa nakakikilala kay Jesus. Ipanalangin na gamitin ka Niya upang maipangaral ang ebanghelyo sa mga tao sa paligid mo, at ipanalangin na magkaroon ka ng kalakasan ng loob at kakayahan na gawin ito.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph